

# *Isang Maikling Kasaysayan ng mga Pagpaslang*

---

Edgar Calabia Samar

**T**ATLO NA ANG NAPAPATAY KO simula nang nahilig ako sa pagbabasa ng nobela. Iyong una, tulad ng maraming kaso ng unang pagpatay, hindi ko sinasadya. Napatay ko lang. Sorry but not sorry. Iyong huling dalawa, pinagplanuhan ko kahit paano. Parang ang yabang ko, sasabihin mo, e tatatlo pa lang naman pala ang napapatay ko. Well, puwede naman kasing marami na, kung gugustuhin ko. Pero hindi naman paramihan ito para sa akin. Namimili rin ako. Ang gusto ko, may literary merit, deconstructive ng poetic justice. Mga nobela nina Umberto Eco at Gregorio Pablo ang binabasa ko noon. Pinaglalaruan ni Eco ang utak ko, tatamnan ng kung ano-anong hinala't akala bago ibubunyag sa dulo na tanga akong sunod-sunuran sa pakana niya. Binibigyan ng halaga ang mga wala naman talaga. Nagbibigay ng kahulugan sa mga bagay nang higit kaysa sa ibig nilang sabihin. Pero gusto ko iyong ginagago ako. Mas ginaganahan akong manggago rin ng iba. Si Pablo naman, iba. Puso ang pupuntiryahin. Bihira kong gamitin ang salitang iyon. Puso. Medyo proud kasi ako kapag nasasabihan akong walang puso ng mga co-faculty ko dahil sa mga estudyanteng ibinabagsak ko. Pero totoo e. Sa puso ako tinatamaan sa mga katha ni Pablo. Dama ko rito o. Paiibigin ka sa tauhan niya. Iyong kakatiting na nga lang na sentimyento sa loob mo, kakantiin pa. Parang napuwing ang loob mo. Hindi mapakali sa lungkot at bagabag. Kailangang hípan ng iba, pero walang iba sa tabi mo para tulungan ka. Kailan ka ba may huling nakasáma sa pagbabasá? Kayâ iyon. Parang sasabog ang loob mo dahil lang sa problema ng karakter na alam na alam mo namang katha

lang. Putang-ina, parang tanga, hindi ba? Ang sama-sama ng loob ko sa mundo pagkakasara ng mga nobela ni Pablo. Parang gusto kong pumatay. At ginawa ko. Walang biro. Huwag kang tumawa diyan, alam mo kasi, 'yung mga pinatay ko, tumatawa bago ko tinapos ang buhay nila. Ano, gusto mo pa ba akong makilala? Gago ka rin, ano. Makikita mo ang hinahanap mo.

AKO SI GABRIEL BUENAVENTURA. Doc Gab Buenaventura. Pero hindi ako doktor na *doktor*. Doctor of Philosophy. PhD. Iyong doktor na hindi alam ng maraming tao na nag-e-exist. O kung alam man e hindi naman alam ang halaga nito. Huwag kang mag-alala. Hindi ko rin alam ang pakinabang nito, lalo pa't sa Comparative Lit ang PhD ko. Ang alam ko, kailangan ko lang kunin ito para hindi ako matanggal sa pinagtuturuan ko. Well, permanent na ako. Ngayon, panahon na para bawian ang mga estudyante ko. Dalawampu't isang nobela sa isang sem. Isang nobela kada linggo sa 18 weeks ng klase, bukod sa tatlong linggo na maninipis ang assigned novels kaya dalawa sa halip na isa. Kulang pa iyon. Kung ilalagay ko ang lahat ng mga nobelang dapat nilang mabása para maunawaan nila ang problema sa mismong pagbabasá, iyung kinasanayan nating pagbabasa, baka ako ang matagal nang patay. Iyan, iyang mga mukhang inosenteng iyan, college freshmen, nanggaling sa mayayamang angkan, iyung di naranasang magutom kahit kailan, o di alam ang pakiramdam nung may gusto ka pero di mo puwedeng makuha, o mga anak ng sinuwerte sa negosyo, na sanay lang na nag-uutos, may gumagawa ng mga bagay para sa kanila, may dumarampot sa mga basura nila, o mga bunso ng mga mandarambong na politiko na magiging politiko rin at lalakíng mas kupal pa sa mga magulang nila, o kahit iyung mga scholar na galing sa probinsiya, tapos, nung nakatuntong dito sa Maynila, nakagamit lang ng computer, pakiramdam e sila na ang gumawa ng computer, mayayabang din iyan, matataas ang tingin sa sarili, proud kahit sa dayukdok na buhay na pinagmulan nila, ginagawang honorable ang kahirapang pinagmulan sa pagta-transform nito into a story of triumph, their triumph, alam mo na, lahat iyan, lahat ng stereotype ng nagkokolehiyo rito sa Maynila, lalo na rito sa unibersidad na pinagtuturuan ko, na dahil mahusay raw, tinitingala sa buong bansa, pero extremes ang kondisyon ng mga mag-aaral, may mayamang mayamang mayaman, may mahirap na mahirap na mahirap, iyan, iyang mga iyan, bigyan mo ng ilang araw, ilang linggo, ilang buwan,

magagawa nang pumatay ng mga iyan. Hindi metaporikong pagpatay ha. Hindi pagpatay sa tingin. Hindi pagpatay sa isip. Totoong pagpatay. Kaya sila ang masasarap paglaruan. Ang masasarap paasahin, bigyan ng pag-asa, bigyan ng pantasya, ng kakapitan. Pagkatapos, saka durugin. Wasakin lahat ng pinaniniwalaan. Tapos, kaunting bulong lang, kaunting buyo, kuha mo na ang loob. Gagawin na ang lahat ng sabihin mo. Ganito ko nakilala si Lia. Dati kong estudyante sa *Survey of Postmodernist Fiction*. Siya ang kasama ko sa huli kong pinatay. Ngayon, obviously, siya ang kailangan kong patayin.

LUMAKI AKO SA SAN PABLO, kung saan ako unang nakapatay. Nasa kolehiyo pa lang ako noon. Sa UPLB ako nag-aral at lingguhan lang ako kung umuwi. Noong first sem, uwian ako araw-araw. Second sem ko napapayag si Ma na kumuha ako ng dorm. Siya pa ang naghanap. Hindi basta dorm, apartment. Isang sem akong nagsolo roon, kahit dalawa ang kuwarto. Okey lang naman kay Ma na mahal ang bayad. Basta mag-aaral akong mabuti. Iyung natipid niya sa tuition ko, sa apartment napupunta. Pero noong nauso ang mga balita tungkol sa mga estudyanteng nahoholdap, napapatay, sinabing maghanap ako ng kaibigan na makakasama sa apartment. May kahati na sa upa, may kasama pa ako sa bahay. Wala namang kaso sa akin iyon. Pero wala rin akong kaibigan sa college na makakasama sa bahay. Kaya sige, hanap ng kahit sino. Buong summer, dahil iisa lang naman ang klase kong kailangang i-summer, nagtatanong-tanong ako. Hindi kasi ako tinitigilan ni Ma sa kakukulit tungkol dito. Nagpaskil na rin ako sa loob ng kampus at sa mga poste't pader at loob ng dyip na mapapaglagyan ko ng anunsiyo. Naroon ang contact number ko. Lalaki rin ha, paalala ni Ma. Ayaw niya siyempreng babae ang kasama ko sa bahay. Baka ikaw pa ang mapahamak riyon, sasabihin niya. Tatango-tango lang naman ako. Siyempre, lalaki. Mas malamang namang iyong babae ang di payagan ng magulang na tumira sa apartment na lalaki lang ang kasama. Feeling kasi ni Ma, ako lang iyung puwedeng masaktan, iyung puwedeng mabiktima. Nakakainsulto. May ilan ding nagtext. Uso na ang phone noon. Karamihan, 5110. Sa akin, 7110. Pag sinabi ko kung magkano, biglang di na magtetest. Alam kong maraming mas bed space lang ang hinahanap. Pero ayoko namang ibagsak-presyo ang kuwarto para lang may makasama ako. Dalawa pa rin ang natirang interesado. Iyung isa, pagkakita ko pa lang, ayoko na

agad. Wala, maayos naman ang porma, nakasalamin, nakacollared shirt na asul, slacks na brown, rubber shoes. Pero basta mabigat ang dugo ko. Nung makita ko, sinabihan ko na lang na may nauna na sa kanya, na pasensiya na pero may nakapagpareserve na pala kay Ma. Okey lang siya nang okey lang, kahit alam ko sa tingin niya ang inis kung bakit nakipagkita pa ako. Kumbakit di ko na lang siya tinext. Natatawa na lang ako sa loob ko. Parang may ginawa siyang kalokohan sa akin dati at nakaganti ako ngayon sa kaniya nang wala siyang kamalay-malay. Nakipagkamay pa ako habang nagsasabing sorry, brad, di ako agad natext ni Ma e, at paulit-ulit lang talaga ang okey lang, okey lang niya. Gusto ko ngang batukan at hiyawan. Magalit ka nga! Ngayon, dapat pala e nagpasalamat pa nga siya sa akin, dahil kung natuloy siya e siya sana ang napatay ko. Iyung isa pa kasi, si Amiel, iyun ang naging kasama ko sa apartment nang halos two years. Taga-Mogpog sa Marinduque. Dulo ng mundo, sabi niya. Magugustuhan ko raw kasi mahilig ako sa reality shows, sa *Survivor*, ganiyan. Punta ka sa Moryones, sabi niya, sa amin talaga nagmula iyun. Sabi ko, sige, isama niya ako. Pero nauna ko nga siyang isinama sa San Pablo. Fiesta rin. January 15 noong 2000. Binabasa ko noon ang pinakabagong nobela (at pinakagago rin siguro) ni Pablo. *Atake*. Iyun ang title. Out of print na siguro ngayon. Tungkol sa isang makata (karaniwang literary figure ang bida sa mga nobela ni Pablo) na nagising isang araw na nasa loob siya ng isang tula. Weird, di ba. At traditional poetry. May tugma at sukat. Biglang kailangan niyang punuan ang mga taludtod. Isipin ang nawawalang salita na katugma ng sinundang linya para makausad siya, makarating sa dulo, sa kasunod na linya, sa kasunod na saknong, hanggang sa wakas, at matakasan ang realidad nito. Dahil kumbensiyonal, madaling makita na love poem ito. Obsessed ang persona, tulad ng karaniwang lover sa mga tula at pop songs, sa mga kuwento't nobela, sa mga soap opera't pelikula. Pero habang nagtatagal, natutuklasan niya na kapag pinalitan niya ang mga inaasahang salitang pantugma, maaaring makitang wala siya sa loob ng isang tula tungkol sa pag-ibig kundi nasa loob ng tula ukol sa isang krimen. *Sinasakal* sa halip na *minamahal*. *Paslangin* sa halip na *ibigin*. Na ang hinahanap at sinusundan ng persona ay hindi asawa kundi biktima. Na-excite ang makata sa posibilidad ng ganoong revision. Crime poetry. Meron ba noon? Binago niya nga ang kuwento. Pero sa pagbabago-bago niya ng mga salita at linya, biglang siya na ang tinutugis. Siya na pala ang biktimang tinutugaygayan ng mamamatay-taong di niya nakikita sa tula. *Poetic justice*. Biglang hindi na lámang niya

kailangang makawala sa loob ng tula, kailangan na rin niyang ilitas ang buhay niya. Ito ang pinag-uusapan namin ni Amiel ilang oras bago ko siya napatay. O ito ang ikinukuwento ko kay Amiel ilang oras bago ko siya napatay, madaling-araw na ng Linggo, kinabukasan ng fiesta pagkagaling namin sa inuman sa plaza. Hindi kasi siya nakikinig. Hindi siya marunong makinig. Tapos, *lasing* na kami pareho. Nagda-drive ako pauwi, sa bahay na lang muna kami tutuloy kasi malayo pa ang Los Baños at nakainom nga. Nagkukuwento ako pero kanta siya nang kanta kasabay ng “Seasons in the Sun” ng Westlife. E putang-ina, buong Disyembre hanggang magbagong-taon, iyon ang napapakinggan ko sa radyo. Tapos, nagkukuwento ako tungkol sa isang interesting na nobela, ang ginagawa niya e nag-e-emote sa “we had joy, we had fun / we had seasons in the sun, / but the hills that we climbed / were just seasons out of time.” Sabi ko, babâ ka nga. *Goodbye, my friend, / it's hard to die*. Sabay-patay ng radyo. Nasa Marcos highway kami noon na dinadaan din ng mga bus papuntang Lucena at Bikol. Itinigil ko sa gilid ng kalsada, ni hindi ako nag-signal lights. Wala halos dumaraang sasakyan. Paminsan-minsan, may trak, bus, motor. Nung makita ko sa side mirror na walang parating, pinatay ko ang headlights. Ang dilim. Inulit ko ang sinabi ko, babâ ka nga. Hindi ko kita ang reaksiyon ng mukha niya pero alam kong nawala ang kalasingan niya. Ha? sabi niya.

Babâ ka muna.

Babâ? Bakit?

Dare lang.

Dare? Anong dare?

Gaano katagal mo kayang mag-stay rito? Kaya mo ba?

Brad, lasing ka na.

Natatakot ka ba?

B-bakit ako matatakot?

Babâ ka.

Ano bang trip mo?

Babâ ka.

Brad, tara na sa inyo, antok na ako.

Babâ ka.

Noon ko lang siya tiningnan. Nag-adjust na ang mga mata namin sa dilim. Natatawa ako sa reaksiyon ng mukha niya. Feeling ko, nasa loob ako ng nobela ni Pablo. Dare lang, sabi ko nang nakangiti, babâ ka muna, please?

Dahil sa ngiti at please, bahagya rin siyang ngumiti pero alam mong kinakabahan pa rin. S-sige, sige, gago ka, kung ano-anong natitripan mo, sabi niya habang binubuksan ang pinto ng kotse sa kanan niya. Pagkababa niya, hinaltak ko ang pinto sabay paandar ng kotse. Uy, brad, sabi niya, teka lang. Pero dahil medyo malalim ang gilid ng highway, kinailangan kong imaniobra nang kaunti para mas maibuwelo ang kotse pagrampa sa kalsada. Blag. Naatrasan ko siya. Tang-ina naman, brad, sigaw niya. Hinampas ang likod ng kotse. Humarurot na ako. Sa side mirror, sa liwanag ng buwan at ng headlights ng nasa likod kong parating na sasakyan, kitang-kita kong sumusugod din siya ng takbo, parang sa mga pelikula, as if maaabutan niya ako. Sa isip ko noon, tatakutin ko lang naman siya, babalikan ko rin siya. Pero nung nakalayo-layo na ako, naisip ko, ano kaya kung di ko na siya balikan? Na-excite ako sa idea. Matanda na naman siya. Puwede siyang bumalik mag-isa sa apartment sa Los Baños at pagtatawanan na lang namin ang kabaliwan ng gabing ito. May excuse ako. Lasing ako. Gago lang ang di tumanggap ng katuwirang ito. Lasing ako e. Hindi ko na nga siya binalikan. Pagdating ko sa bahay, gising pa si Ma. Tinext ko kasi siya kagabi na nasa bayan lang ako ng San Pablo, umiinom nga sa plaza at kasama ko si Amiel with my high school barkada. Kunsintidor naman siya sa mga ganitong trip ko. Di ko kinailangang itago sa kaniya ang pagyoyosi ko noong high school, o kahit pag-inom ko. Para sa kaniya, mas testament iyon ng coolness ng pagpapalaki niya sa akin. Na liberal na nanay siya. Tropa lang kami pero pagdating naman sa ibang bagay e grabe ang control at motherly issues niya. Manipulative, pero nanay ko kasi e, at kaya ko rin naman siyang i-manipulate dahil alam kong ang weakness niya e i-appreciate lang siya at i-highlight ang pagiging cool mom niya, kaya okay na sa akin. Nasaan si Amiel? tanong niya nang makita niyang nag-iisa ako. Nakilala na niya si Amiel dahil noong araw mismo na lilipat si Amiel sa apartment, biglang nakahanap siya ng dahilan para dalawin ako sa LB. Alam ko naman na gusto lang niyang i-assess ang magiging housemate ko. Sabi ko, maaga pa kagabing nag-decide bumalik sa apartment dahil sa lakad ngayong umaga. Tumango lang siya. Sa isip ko naman, patay tayo kapag biglang natunton ni Amiel ang bahay namin at nag-doorbell. Pero alam ko rin na imposible

iyon. Kataas-taasan, magpaumaga siya sa 7-11 sa bayan kung wala na talaga siyang nasakyan pabalik sa Los Baños. Ako ang nakaramdam ng excitement sa kaniyang potential adventure nang madaling-araw na iyon. First time niya sa San Pablo kahit ang lapit-lapit lang nito sa LB. Campus-apartment lang kasi siya halos araw-araw. May kaya rin naman kahit paano ang pamilya nila sa Mogpog, alam ko. May-ari ng isa sa dadalawang grocery store sa poblasyon ang tatay niya. Kaya nga kaya niyang magbayad ng higit kaysa sa pandorm lang. Predictable ang course niya. BS Economics, pero sabi niya minsan, gusto niyang mag-concentrate sa Cooperative Studies. Gusto niyang magtayo ng kooperatiba sa Mogpog, obviously. Kung bakit, ewan ko, siguro e ganoon ka-boring ang buhay niya roon para ma-excite sa idea ng isang kooperatiba. Anyway, pagdating ko sa bahay, paghiga ko sa kama, nawala na siya sa isip ko. Nakatulog agad ako. As in deep sleep. Ni hindi ko maalalang nanaginip ako. Paggising ko, past 12 na. Pagtingin ko sa phone ko, puro forwarded messages. Contest sa paramihan ang jokes na nanggagago at quotes na nangongonsensiya. Wala na si Ma. Si Yaya Luding lang ang naiwan sa bahay, na mas madalas ko namang kasama talaga nung lumalaki ako dahil si Ma na ang pinagma-manage ni Lolo sa maliit na rural bank ng pamilya namin simula nung naghiwalay sila ni Pa. Actually, simula noong binalikan ni Pa ang una nitong asawa, ang totoo nitong asawa, at saka nag-migrate sa Toronto. Three pa lang ako noon kaya wala akong pakialam. Walang separation anxiety. Wala akong na-miss. Nagkakape na ako sa terrace nang maalala ko si Amiel. Ano nang nangyari sa lokong iyon? Di man lang nag-text, mukhang nabadtrip talaga. Inisip ko kung anong mararamdaman ko kung sa akin nangyari iyon. Kung mae-excite ba ako tulad ng naisip ko nang iwan ko siya. Di na ako sigurado maliban sa malamang, iisip ako ng paraan para makaganti ako. Hindi puwedeng hindi. Sinubukan kong tawagan ang number ni Amiel. Nagri-ring pero hindi niya sinasagot. Baka tulog pa. O baka yamot pa. Nang bumalik ako sa apartment sa LB kinagabihan, wala siya. Inobserbahan ko ang loob ng bahay kung mukha bang dito siya umuwi. Wala, parang di nagagalaw ang mga gamit. May duplicate ako ng susi sa kuwarto niya pero di ko pinagkaabalang buksan. Sinubukan ko ulit siyang tawagan. Cannot be reached. Natulog ako nang di siya bumabalik sa apartment. Paggising ko kinabukasan, wala pa rin. Nagalit yata talaga. Dahil maaga ang klase ko, hindi ko na muna inisip iyon. Pero nang wala pa rin siya pag-uwi ko nung hapon, karaniwang naroon siya sa apartment kapag umuuwi ako nang Lunes ng hapon, campus-apartment



nga lang kasi siya, napaisip na ako. Mas napaisip kesa kinabahan. Anong drama nito? Cannot be reached pa rin ang cellphone niya. Wala akong ginawa. Matanda na siya. One week siyang di bumabalik sa apartment, hindi ko rin siya nakikita sa campus, wala namang naghahanap sa kaniya, wala siyang org, hindi ko alam kung may malapit siyang blockmate, pero walang naghahanap sa kaniya kaya di ko pinapansin. Matanda na siya. Pero binuksan ko na ang kuwarta niya kasi naman baka nabubulok na pala siya roon. Wala, tulad ng inaasahan ko. Iyung gamit niya, grabe ang ayos, pati kumot, nakatiklop. Mahihiyang pumasok ang basura rito. Ini-lock ko ulit ang pinto. Hindi ko na rin siyempre sinabi kay Ma na wala na naman akong kasama sa bahay. Nasa kuwarta pa rin ang mga gamit ni Amiel. Kapag inambush visit ako ni Ma, walang dahilan para mag-isip siyang wala na si Amiel.

Halos isang buwan na simula noong fiesta sa San Pablo nang pagbalik ko sa apartment, dinatnan ko sa labas ang ate raw ni Amiel. Doon ko natiyak na talagang nawawala nga si Amiel. Sinabi ko na matagal ko na ngang di nakikita. Di ko binanggit siyempre ang pagsasama ko rito sa San Pablo. Tiningnan niya ang kuwarta ni Amiel. Hinalughog ang mga gamit nito na puwedeng magbigay ng clue kung nasaan ito. Wala. Nagkaroon ng maliit na imbestigasyon. Kinausap ako ng isang pulis, para masabing tinanong ako, inulit ko lang ang sinabi ko na sa ate ni Amiel. Pero dahil wala namang lead talaga, walang may alam sa nangyari. Wala namang maghihinala na may kinalaman ako sa pagkawala ni Amiel. Good boy ako sa lahat ng societal standards. Ni hindi nga ako nagyoyosi. May alaga pa akong cactus sa apartment. At anong posibleng motivation? Kumalat ang picture ni Amiel sa kampus at kahit sa bayan ng LB. Missing. Walang Amiel na lumitaw. Walang lumitaw na puwedeng makapagturo sa kinaroroonan nito. Ako, iniisip ko, ano ba'ng nangyari sa gagong iyon? Kung may nangyari roon, kung naaksidente o kung ano, napabalita man lang sana. Pero wala. Walang katawan ng kahit sinong puwedeng pagkamalang si Amiel na nakita sa kahit saan sa Laguna o kahit sa mga kalapit-lalawigan, sa Quezon o sa Batangas, o kahit sa Maynila. Wala, wala na si Amiel. Sasabihin mo ngayon, akala ko ba, napatay mo? E gago, nakikinig ka ba? Simula nung iwan ko siya sa gilid ng Marcos highway sa San Pablo, bandang alas-tres ng madaling araw, di ko na ulit siya nakita, di na siya nakita ulit ng iba. Iyung pamilya niya sa Mogpog, umasa pa ring buhay siya noong una, na makikita pa siya. Pero anong petsa na ngayon? Halos dalawang dekada na. Wala nang Amiel na



lumitaw dahil wala na siya, okay? Siguro, nasagasaan ng trak nung hinabol niya ako. Napisak ang katawan sa highway, napitpit nang napitpit, nadurog nang nadurog, nang daan-daanan ng mga kasunod pang sasakyan, tulad ng nangyayari sa mga pusa o asong nasasagasaan. O baka namatay na siya agad nung naatrasan ko pa lang siya, at multo na niya ang humampas sa likod ng kotse, sumigaw, at humabol sa akin. Wala akong pakialam. Basta ang point, ako ang huli niyang kasama bago siya nawala, sa akin ang credit ng pagkawala niya. Isa pa, siya ang nasa isip ko nang plinano kong pumatay a year ago. Imagine, nagtapos muna ako ng college, nag-masters, nag-PhD, naghintay na ma-permanent dito sa A— University bago ko naisipang pumatay sa wakas. But they were well-executed. Pakiramdam ko, pro ako. Na higit kaysa sa disertasyon ko sa PhD, they were my actually my best works. Pero iyung tungkol sa kanila, mamaya ko ikukuwento, steady ka lang, mas importante kasi itong recent developments with Lia. Ang importante e alam mong iyung dalawang pinagplanuhan kong patayin, parehong tagarito sa A—. Estudyante ko iyung una, at ginawa ko sa mismong sem na nasa klase ko siya. Iyung pangalawa, colleague. Nagtuturo rin ng Lit. At creative writing, dahil nanalo nang isang beses sa Palanca noong bata-bata pa siya at may dalawang poetry books na napublish na wala naman yatang nakapagbasa maliban sa mga ka-poetry group niya. Dito sa huli, nakasama ko nga si Lia na estudyante ko sa Pomo Fic elective nang nangyari iyon. Hindi kasama sa plano, siyempre, pero dahil matalino itong si Lia, nalaman niya ang mga balak ko dahil sa suggestions at hints na nasa syllabus ko at lectures.

Tinanong ako noon ng department head namin kung desidido ba ako sa elective na ituturo ko. Katatapos ko lang ng PhD ko, at excited akong magturo ng bagong elective sa undergrad. *Murder in Postmodernist Fiction*. Nagtataka ako sa mga ganoong tanong. Gusto kong sabihin sa kaniya, hindi, nagjo-joke ako, kaya nga nag-effort akong gumawa ng detailed syllabus na may pagkahaba-habang suggested readings, di ba. Pero ang sinabi ko siyempre, yes, ma'am, I think we will attract a number of non-majors to this class. Pero ang nasa isip ko talaga e, putang-ina mo, kaya tuwang-tuwa tayong ginagago ng mga komedyante sa Filipinas e. Kung desido ba ako? Magpo-propose ba naman ako ng elective nang kusa kung hindi ako desido rito e puwede naman akong magpabanjing-banjing tulad ng ginagawa ng ibang teacher dito. Pagkatapos ng ilang pasikot-sikot sa usapan, saka ko natukoy ang pag-aalangan niya. Hindi siya komportable

na may salitang murder sa course title. Tinamaan ng magaling. So may mga salita palang hindi mo puwedeng banggitin. Kahit sa klase sa panitikan. Kahit sa eskuwelahang ito na ipinagpaparangalan ang edukasyong liberal. Sige, maglaro tayo. Kinailangan kong ipaliwanag na hindi literal na pagpatay o krimen lang ang ibig kong tukuyin dito. Sa isip-isip ko, gago ka ba. Panitikan nga ito, alam mong hindi tayo nagtatapos sa literal lang. Pero alam ko rin na ang tinutukoy ko naman talagang murder sa course title e iyon ngang mga literal na pagpatay lang naman talaga sa panitikan. Pero naghanda ako, aba. Sinabi kong sa diksiyonaryo mismo, dalawa ang pangunahing kahulugan ng murder. Una, “the unlawful premeditated killing of one human being by another.” Ito iyong malamang na iniisip niya. Ito iyong labag sa batas. Labas pa sa utos ng Diyos. Diyos niya, to be clear. At ngayon, hindi siya komportableng gamitin ito kahit sa klase. Kaya kailangan ko ng ikalawang kahulugan: “Informally, murder means a very difficult or unpleasant task or experience.” O ayan ha, kailangan pa ng informal meaning ng salita para lang magkaroon ng bigat sa kaniya. Inulit ko na kung iyon ang gagamiting course title, baka mas maraming mag-sign-up sa klase. Baka makatulong din ito para makahikayat ng mga magma-minor sa Lit, o kung sinusuwerte’y baka mag-major pa. Pero wala, ayaw talaga. Her morality trumps any probable discourse. Nauwi kami sa basta *A Survey of Postmodernist Fiction*. Pero siyempre, sa course content ko binawian, sa readings at sa class discussions. Magsawa kayo sa murder. Sa klaseng iyon ko nga nakilala si Lia.

Angeli Torres ang buo niyang pangalan. Siya ang nasa dulo ng classlist ng labing-isang estudyante. Siya ang pinakamaagang dumating sa unang meeting. Nalaman ko na graduating senior na siya at kumukuha ng BS Biology, pero tumutula-tula. Miyembro ng *H--* na literary org at publication sa school. Tsinita, pero siya na mismo ang nagsabi eventually na wala siyang lahing Chinese. Pero baka hindi lang niya alam. Pero wala na akong sinabi.

Nung makita ng mga estudyante ang syllabus pagkatapos ng unang meeting, may dalawang nag-drop. Okey lang, hindi ko sila kailangan sa klase ko. Siyam ang natira. Tatlong lalaki, anim na babae. Hindi ko alam kung mas marami lang talagang babaeng mahilig sa fiction, o mas kakaunting lalaki ang trip ang postmodernismo. Dalawa run sa babae, majors ng Lit. Iyung pitong iba pa, kasama si Lia, kung ano-ano nang mga major na

walang kinalaman sa Lit. Naisip ko siyempre na akala siguro nung iba, madali lang ang klase na ito. Basa-basa, bola-bola. Pampataas ng grade. O na baka magiging mabait ako kasi relatively e batang faculty na nagtuturo ng elective. Just to be clear, 32 pa lang ako. Kung nag-math ka sa mga sinabi ko kanina (third year college ako noong 2000), nakuha mo na dapat ito. Maraming ibang mas matanda, mas institusyon na sa school. Akala siguro ng mga estudyanteng ito, makukuha ako sa chill-chill lang. Kaunting basa, mas maraming bola. Well, nagkamali sila. Akala siguro nila, hindi seryoso iyong 36 nobela (yes, mas marami nang 15 sa required Freshman lit classes ang kailangan nilang basahing nobela sa klase; sila ang nag-decide na mag-enroll at magpatuloy sa elective nila na ito). Dalawang nobela bawat meeting, regardless ng haba. Hindi pa kasama rito ang ilang critical essays na magsisilbing framework sa pagbasa sa mga ito. First two readings ang *The New York Trilogy* ni Paul Auster at *910 Calle Kundiman* ni Gregorio Pablo. Daya pa ito kung tutuusin dahil tatlong nobela talaga ang kay Auster, pero manipis naman kaya wag na silang magreklamo. At magaan basahin, kahit maraming papilosopong kung ano-anong ang sakit sa bangs, sabi nga nung isa sa dalawang Lit majors, nagpapa-cute, tatawa-tawa pa. Tiningnan ko siya nang masama pagkatapos niyang sabihin iyon. Hindi na ako nakarinig nang kahit anong pa-cute mula sa kaniya sa klase. Wala na akong narinig na kahit ano mula sa kaniya sa klase sa buong sem. Iyung nobela naman ni Pablo (pansiyam na niya, pero masasabing isa sa tatlong major novels niya), naunang na-serialize sa short-lived revival ng *Bulaklak Magazine* noong late 80's hanggang early 90's. Ito ang pinakamahabang nobela ni Pablo na hindi natapos ang serialization dahil nagsara nga ang *Bulaklak* matapos ang wala pang tatlong taon. Umabot ng 128 labas sa magasin ang nobela. Nabasa ko ito noong nagma-masters na ako dahil sa access sa mga kopya ng magasin sa Filipiniana Section ng A- Library. Tapos, isang taon bago tumigil sa pagsusulat si Pablo noong 2009, nag-publish siya ng complete edition ng *910*, eksaktong 910 pages, tipikal sa mga literary dazzle ni Pablo—at naidagdag niya ang supposedly e unpublished last 23 chapters ng nobela. Dahil siguro serialized sa magazine at correspondent ang bilang ng labas sa bilang ng kabanata kaya ito ang tanging nobela ni Pablo na halos magkakasinghaba ang mga kabanata na tig-aanim na pahina at may apat na pahinang section divider ng apat na “canto” ng libro, na siyempre ay pinaglalaruan ni Pablo ang kahulugan bilang *kanto* ng *Calle* at *awit* ng *Kundiman* sa pamagat ng nobela. So para sa sa first week ng klase,

technically ay kailangan nilang magbasa ng isang trilogy at isang 910-page novel na set mostly sa 19th century sa isang alternatibo at pantastikong Filipinas na pinamamahalaan ng mga aswang at cyborg.

Sinabi kong ang assigned discussant sa bawat nobela e sa araw ng meeting ko mismo sasabihin para siguradong magbabasa sila lahat. Kailangan pa nilang magpasa ng 4-page critique sa bawat nobela. Walang mangangahas mang-bullshit, binitiwang ko talaga ang bs word sa first day ng klase, dahil awtomatikong ie-F ko sa klase. Walang nagsasalita. Kaya nga siguro nag-drop iyung dalawa sa original na 11 na nag-sign-up. Kitang-kita rin ang pag-iwas nilang tumingin sa isa't isa, sa takot siguro na kung ano pang gawin ko't sabihin sa kanila.

Si Lia, hindi rin masyadong nagsasalita sa klase, pero nang siya ang tawagin kong maging discussant ng 2666 ni Roberto Bolaño bandang Setyembre, na-impress ako. Pero hindi ako nagpahalata. Una, mahirap hawakan ang maximalist na proyekto ni Bolaño. Gusto mong isipin na pinaglalaruan ka lang, pero mahirap gawin dahil seryoso ang proyekto. Ang ikaapat na seksiyon e pag-iisa-isa ng mga krimen sa Santa Teresa. Mga babaeng pinapaslang. Pinagsasamantalahan at saka pinapaslang. Isa pa, halos 1000 pages ang nobela. Iyong nabasa lang iyon, okey na. Ang totoo, hindi ako umaasang nabása nila talaga.

Pero may mga binitiwang si Lia na nakapukaw ng atensiyon ko.

“I guess there’s nothing wrong with the depiction of women here as victims ... It happens, it is happening right now. I have quarrel, though, with the vision of reality in which women function only as victims. Why can’t they be suspects here, too? I mean, I’d love to have women here as criminals as well. Bolaño’s seeming attempt to be politically correct here is the more reason that he was politically incorrect. His political posturing on issues of gender and violence has led to a less politicized worldview of crime and femininity, in my own view.” *In your own view ha*, naisip ko noon. Ngumiti ako, mas smirk kaysa ngiti, iyung ngiti na hindi nila alam ang ibig sabihin bukod sa mas alam ko ang nangyayari kaysa sa inaakala niya.

Walang nakapagsalita sa klase. Kahit ako. Iniwan ko lang ang aking enigmatic smile habang nakatingin ako kay Lia na nakayuko naman sa kopya niya ng nobela. Noon ko unang naisip, gusto ko ang babaeng ito. Graduating na siya. At naiisip ko kung ano kayang iniisip niya noong freshman o sophomore year siya at nagda-dissect siya ng mga hayop sa

Bio classes niya. Kung iniisip ba niya ang kasarian ng palaka, o ng daga, o ng pusa. Malamang. *Iniisip niya*. Pero ano kayang nararamdaman niya habang ginagawa iyon?

Naintriga ako kay Lia. Tiningnan ko ang mga lumang isyu ng *H--*. Hindi siya nag-shift sang-ayon sa short bionotes niya sa mga iyon. BS Biology talaga ang kurso niya simula freshman year. At simula freshman year e miyembro siya ng *H--*. Naging miyembro nito ang maraming importanteng pangalan sa literary scene ng Pinas. Well, importante kasi nanalo ng awards—Palanca, Free Press, the works, o nakapagpublish ng sariling mga libro. Nang makita ko ang mga tula ni Lia, nagulat ako kasi nasa Filipino. Sa Filipino siya nagsusulat. Ingles siya nang Ingles sa klase, pero kapag pala tumula siya, Filipino.

Pina-photocopy ko lahat ng tula niya na nakita ko sa mga isyu ng *H--* simula nung freshman year niya. Labing-apat na tula. May isang maikling-maikling sanaysay na malaprosang tula. Malamang e ipinasa niya bilang prosang tula. Masyadong cerebral ang mga tula ni Lia. Halos walang emosyon, walang lungkot, walang pighati, walang kabiguan, na tulad ng madalas na makita sa mga tula ng mga kaedad niya. Hindi rin tungkol sa pag-ibig ang mga ito. Para bang ang inspirasyon niya, sa halip na personal na karanasan, sa halip na relasyon at mga damdamin, idea. Konsepto. Madalas, hindi ko maintindihan ang tula niya. Pero may kung anong gayuma. Tulad ng lahat ng misteryo. Hindi mo maintindihan, kaya hindi mo maiwan-iwan. Kaya hindi ka maiwan-iwan.

Paulit-ulit kong binasa ang labing-apat na tula sang-ayon sa pagkakasunod-sunod ng pagkakalathala nila. Pinag-aaralan ko ang pagkaunlad ng utak ng estudyante kong ito na binabasa ang lahat ng ipinababasa ko sa klase, at talagang may mga binibitiwang higit kaysa kayang sabihin ng iba niyang kaklase. Bago mo ako pangunahan, aaminin ko nang na-obsess ako sa kanya. At least sa utak niya. At least sa simula.

Pinakapaborito ko sa mga tula niya ang “Karnabal.”

Dakilang karnabal ng di-nakikitang  
paghuhunos ng mga espiritung may mahika  
ng realismo, tulad sa nobelang binanghay  
upang lumikha ng suliranin at wakas.

Mapa ng paggising at paghimbing  
ang aklat ng tiyanak sa isipan.  
Walang ibang makaaalam, purgatoryo  
itong babalik-balikan. Mangmang  
akong tutula tungkol sa paglikha.

Tang-ina, sabi ko sa sarili ko. May estudyante palang ganitong tumula. Ang labo. Baliw ang batang ito. Ano kayang nangyari rito nung bata siya? Bakit nagkaganito ito? Tiningnan ko ang FB niya. Siyempre, naintriga na ako talaga. Kaso naka-private. Profile pic lang niya at cover photos ang puwede kong makita. Picture niyang nakatawa, parang binigla siyang kunan ng picture, mukhang nasa bahay lang siya. Mukha talaga siyang Chinese. Pero sige, wala raw siyang kadugu-dugong Chinese kaya hindi ko na talaga ipipilit iyon. Nag-alangan naman naman akong i-add siya sa FB. Nung magmi-midterms ko naisip gumawa ng FB group para mai-add ko silang lahat sa FB ko, iyung siyam kong estudyante. Para hindi halata na kay Lia lang talaga ako interesado. Pero nung makita ko na ang FB niya, saka ko na-realize na ibang-iba iyon sa Lia na nagsulat ng mga tula. Nagmumukha siyang karaniwang college student sa kaniyang FB. Nag-i-status tungkol sa mga klase (hinanap ko kung meron siyang post tungkol sa klase ko, wala akong nakita, o baka na-delete niya bago ko pa man sila i-add sa FB, pero nakaramdam din ako ng bahagyang inis na wala man lang siyang kahit anong post na may kinalaman sa klase namin, o sa akin), may mga pa-mysterious na crush (hindi siya in a relationship, na ipinagtataka ko rin, dahil 'yung hitsura niya e 'yung hitsura na hindi mawawalan ng manliligaw, later ko na malalaman na by choice iyon, siyempre), pumaparty, may mga barkada sa org, nagpopost ng pic ng pagkain niya, ng mga pinupuntahang lugar at kung ano-ano pa. Sa FB niya, karaniwang-karaniwan siya't maglalaho sa pagkakaraniwan ng iba pang mga kabataang walang sariling identidad. Napakalayo noon sa nagsulat ng "Karnabal." O ng "Hati." o ng "Alas Dose." O ng prosang tulang "Namamatay Ako Taon-Taon." Maskara lang ba itong FB? Isang pagpapanggap na kagaya lang siya ng iba para maitago ang talagang siya, ang siya ng mga tula na nasa *H--*? Pero ginagamit niya ang totoong pangalan niya sa byline ng mga tula. Kasama pa nga ang buong middle name niya. Angeli Romero Torres. Ang una ko ngang napansin, ART ang initials niya. Sorry, alam kong irrelevant, pero

nakakaaliw lang. O ang mga tulang ito ang maskara para pagtakpan ang totoong siya? O parehong maskara ang mga ito, at iyong totoong Lia, isang buong mundo na natatabingan ng mga aninong ito? Anuman, ang bersiyon ng Lia na nasa klase ko, iyong nagbasa ng tatlumpu't anim na nobela sa loob ng limang buwan, at iyung naglathala ng labing-apat na tula sa *H--*, iyon ang Lia na gusto ko. At iyon ang Lia na kasama ko sa pagpatay sa one-time Palanca awardee ng aming Lit Department, mula sa pagpapalano hanggang sa pagsasakatuparan noon. At iyon ang Lia na kailangan ko rin ngayong patayin.

NOONG UNA, NAGSIMULA SIYA sa pahiwatig na may alam siya tungkol sa akin. Ako siyempre, maang-maangan school of acting. Sa isang critique nila sa ipinabasa kong *Strangers on a Train* ni Patricia Highsmith, nagsulat siya ng essay na ang beginning letter ng mga linya sa unang pahina ng A4 e acrostic ng PLANNING STAGE OF MURDER. Eksakto rin ang mga spacing katapat ng pagitan ng dalawang paragraph. Noong binasa nila ang *Miss Smila's Feeling for Snow* ni Peter Høeg, ang acrostic sa unang pahina ng critique niya e YOU ARE PLANNING SOMETHING. Sa essay niya sa *Smaller and Smaller Circles* ni F.H. Batacan, nawala ang cryptic at generalized mode niya nang ang acrostic na mabása ko e PAREDES IS IN IT AND IS DONE FOR. Sa isip ko noon, aba matindi talaga ang babaeng ito. Pero di pa rin ako kumakagat, kunwaring di ko napapansin ang mga acrostic sa essay niya kahit ang totoo'y paulit-ulit kong binabasa ang mga iyon para sa iba pang clues ng mga alam niya. Kaya minsan, sinabi na niya sa akin nang deretsahan na alam niyang di ko gusto si Prof. Paredes at na may pinaplano ako. Eto iyung gabing hinintay niyang makaalis ang mga kaklase niya at sinabayan niya akong maglakad pabalik sa faculty room mula sa classroom namin. 5–8 PM ang klase namin tuwing Biyernes kaya madilim na nang naglalakad kami sa loob ng kampus, at wala na halos ibang tao. Sabi ko sa kaniya, anong pinaplano, saan nanggaling iyan. Tonong magkahalong nagtataka't galit pero hindi masyadong defensive para di naman obvious. Huwag daw akong matakot, wala namang ibang makakaalam, basta isama ko siya sa pagpapalano. Marami pa raw siyang gustong matutuhan mula sa akin. Sa isip-isip ko, sinong natatakot, bakit ako matatakot, baka ikaw ang patayin ko riyan e. Hindi ko alam ang sinasabi mo, sabi ko na lang. Pero alam ko na noong it was a losing battle. Hindi ko napaghandaan ang



sudden move niya na iyon. O matagal na ba niyang pinag-iisipan iyon? At sa buong panahon na akala ko ay siya ang pinag-aaralan ko sa kaniyang mga tula at FB account ay ako pala talaga ang pinag-aaralan niya. Lalo akong na-excite sa utak ng batang ito. Kaibigan ko si Prof. Paredes, sabi ko, huling attempt na i-deny ang anumang sinasabi niya. Doc Gab, sabi niya, I read and reread everything you've said in class, they were all leading to that one unavoidable plan... the same thing you did with Marco last year. Doon na ako hindi nakahuma, tumigil ako sa paglalakad at tumingin sa kaniya. Walang kagatol-gatol ang pagkakasabi niya. Kilala mo si Marco? Si Marco ang MA student ko noong isang taon na part-time teacher sa St. Paul's na naging guinea pig ng aking murder scheme. He was my cousin, sabi ni Lia, walang halong emosyon. Tiningnan ko ang mukha niya sa liwanag ng mga ilaw ng mga poste sa kampus. Wala akong makitang similarity ng hitsura nila ni Marco. Niloloko niya ba ako? Ano ito, revenge? sabi ko, saka ko naisip na parang umamin na rin ako. She raped me when I was eight, sabi ni Lia, wala ulit emosyon. Ang unang pumasok sa isip ko sa sinabi niya, hmm, so, hindi ka na virgin, ilan na ang sumunod since then? Pero ang itinanong ko: Pati ba si Prof. Paredes? He's gay, sabi ni Lia, everyone knows that. Of course, sabi ko, bago ako nagpatuloy sa paglalakad. So anong gusto mong gawin natin? tanong ko.

At sa ganoon nagsimula ang mga pagpapalano namin. Hindi naman sa wala akong choice. May choice ako noon na unahin na siya. Pero siguro na-excite din talaga ako sa posibilidad na may kasamang gumawa ng krimen. Isa pa, fascinated din talaga ako sa galaw ng utak niya (sorry kung paulit-ulit ito, but you should get the point). Ipinabasa niya sa akin nang may bago siyang tula bago niya iyon ipinasa sa *H--*. Noong una, kunwari ay hindi ko alam na tumutula-tula siya. Tapos, sinabi niya sa akin na alam niyang ipinakopya ko ang mga tula niya sa *H--* noong bago pa mag-mid-sem. Mind reader ka ba? tanong ko sa kaniya. Ngumiti lang siya. Sa madali't sabi, nagawa namin ang mga binalak namin kay Paredes bago pa man magtapos ang sem, bago mag-Disyembre. Tulad ng nangyari kay Marco (na inspired ng nangyari kay Amiel), nagsimulang missing si Paredes. Umabsent na lang isang araw hanggang sa halos isang linggo na walang may balita kung nasaan siya. Inactive ang FB at Twitter niya na parehong public. Wala na siyang kung ano-anong shit na pa-deep sa mga status at tweet niya. Tulad ko, nasa probinsiya rin ang mga kapamilya niya, mas malayo nga lang, sa Masbate. Department secretary namin ang unang naghanap sa kaniya

dahil kabi-kabila ang mga estudyante niyang pumupunta sa opisina para magtanong kung bakit di siya pumapasok. Siyempre, walang may alam ng dahilan. Bukod sa amin ni Lia. Sa dinami-dami na ng nabasa kong crime fiction, lalo pa noong tinatapos ko ang disertasyon kong *A Short History of Murder in Philippine Fiction*, alam ko na ang mga posibleng paraan ng pagdi-dispose ng bangkay (mas madali kasing pumatay talaga kesa mag-dispose ng bangkay). May mga obvious siyempre, tulad ng paghuhukay nang malalim at paglilibing dito, pagtatabon ng lupa, at paglilibing ng decoy na hayop sa ibabaw nito para sakaling may makaamoy ng paghuhukay mo sa likod-bahay o sa bakanteng lote ng kapitbahay o kahit sa talahiban sa gilid ng highway e aakalain nilang aso lang ang naroon (o pusa), walang taong nakabaon nang ilang talampakan pa ang lalim mula sa mas mababaw na hukay para sa hayop. Puwede ring sunugin o lusawin sa asido kung gusto mong walang matirang kahit anong ebidensiya kahit ng DNA. Puwede ring mag-alaga ng hayop, aso o baboy, at ipakain dito nang pakaunti-kaunti ang bangkay. Pero matinding energy at production number ang kailangan para mapull-off ang mga ito. Wala namang budget na tulad ng TV series ang hamak na Lit prof na tulad ko. Mabuti na lang at may napakasimpleng paraan para paslangin at basta mawala ang isang tao. Kailangan mo lang ng dagat. Obvious, di ba? At dahil obvious kaya hindi natin pinapansin. Nasa isang arkipelago tayo. Napapalibutan at hinahati ng dagat ang mga pulo-pulo natin. Napakabilis maglaho sa kalawakan ng dagat. Isang biyaheng walang nakakaalam. Isang arkila ng bangka. Isang tulak sa tubig. Isang arangkada pabalik sa dalampasigan. Sa dami ng ibang tao na puro dayo sa lugar, walang pakialam ang may-ari ng bangka kung nag-iisa nang bumalik ang umarkila nito. Kailangan mo lamang ngumiti at umasta nang karaniwan, magbitiw ng joke tungkol sa alon o sa araw o sa picture na kinunan mo, at mag-tip nang mas malaki nang kaunti sa karaniwan (kaunti lang dahil nakapagdududa lalo kapag masyado nang malaki—kataas-taasa’y isipin nilang ang yabang mo). Tapikin pa ang may-ari ng bangka sa balikat, parang close kayo, habang sinasabing sa uulitin, manong, at tatango ito, sasabihing sige ser, siya pa ang tuwang-tuwa na napapayag mo sa kaunting dagdag na hindi siya ang magpaandar ng bangka, dahil kunwaring gusto mong masubukan dito, marunong ka naman dahil may mga bangkang de-motor din ang lolo mo sa resort nito sa Quezon, at wala naman kayong mapupuntahan kundi gitna ng dagat dahil ang pinakamalapit na isla ay halos dalawang oras pa ang layo, at hindi mo naman itatakas ang bangka niya dahil mukha

ka namang may pinag-aralan, at aanhin mo iyon kung naka-board shorts ka lang at sando at walang dala maliban sa cellphone at wallet na pareho pang naka-plastic? So, ganun kadali, goodbye, Marco, goodbye, Paredes! Matagal mo nang napag-aralan ang lugar na pupuntahan, ang petsa (long weekend, mainit kahit dapat ay tag-ulan pa rin, at maraming tao), ang mga patibong para pumunta roon ang biktima nang hindi nalalamang nagmula sa iyo ang gayuma ng paanyaya, ang pagche-check-in nito nang anonimo sa isang resort na hindi naghahanap ng ID, ang kunwaring random na pagkikita ninyo sa dalampasigan, ang imbitasyon sa bangka. Napag-aralan mo na ang layo na kinakailangan mo kung saan imposibleng may makakita sa inyo sa 360 degrees ng paligid ninyo. Puro tubig at abot-tanaw sa paligid. Wala kahit isang ibang nilalang at walang ibang parating mula sa kahit saan maliban sa palipad-lipad na mga ibong walang pakialam. Karaniwang inaabot ng isang linggo bago lumutang ang bangkay ng nalunod. Iyon ay kung hindi pa ito mapagpipistahan ng mga lamang-dagat sa ilalim ng tubig. Kung lumutang man ito, hindi na halos makikilala ang mukha. Dahil walang report ng missing person at walang identification, mabilis na ididispone ang halos agnas na rin namang bangkay. Walang nasa Maynila na mag-iisip na naririto ang hinahanap na nawawalang estudyante, o guro, halos 200 kilometro ang layo mula roon, at kung ilang libong metro ang lalim mula sa ibabaw ng tubig. Alam ko nang hindi sila marunong lumangoy. Natatawa pa sila pareho nang sinabi kong, Bakit ka sumama rito nang walang life vest, hindi ka pala marunong lumangoy. Kung itulak kita rito? Loko ka, sir, sabi ni Marco noon. You're creepy, you know that, right, Gab? sabi ni Paredes wala pang isang taon matapos si Marco. Pareho silang tumatawa nang nilapitan ko at saka tinabig para mahulog sa dagat. Fuck! si Marco. Puta! si Paredes. Para akong nagbate at nilabasan nang marinig ko ang pagbagsak ng mga katawan nila sa tubig. Sisinghap-singhap sila pareho sa tubig. Nagkakakawag na parang aso. Sir! sigaw ni Marco. Gab! sigaw ni Paredes. Sa pagitan ng paglubog at paglitaw ng ulo nila, ng pagkampay ng mga kamay, ng pag-inom ng tubig, ng pagtatangkang sumigaw, humiyaw, ng pag-iyak, may pag-asa sa mga mata nila na biro lang iyon, na lulundag ako para sagipin sila. Pero nasa loob din ng tingin ng pag-asang iyon ang matinding pagbabanta. Humanda ka pag-ahon ko rito, humanda ka pagbalik natin sa Maynila. At saka ko paaandarin ang bangka palayo. At alam ko na sa sandaling ginawa ko iyon, nadoble pang lalo ang pagpapanic nila. Lalong dumami ang mainom nilang tubig. Mas mabilis silang

lumubog. Halos palubog na rin ang araw. Ang ganda ng kulay ng palubog na araw. Ang sarap mabuhay.

PERO BUHAY PA NGA si Lia. Naroon din siya sa beach at nakita rin ni Paredes. Pero hindi niya kami nakitang magkasama. Hindi kilala ni Paredes si Lia, pamilyar lang ang mukha nito dahil hindi naman ganoon kalaki ang student population *sa amin*. Isa pa, madalas ngang nasa mga literary events si Lia, tulad ng poetry readings ng *H--* at naging fellow pa ito sa isa workshop kung saan naupo bilang panelist si Paredes. Sabi ni Lia, tinanguan siya ni Paredes nang tinabihan niya ang mesang inuupuan nito sa restobar malapit sa beach front. Hindi kami sabay bumalik ni Lia sa Maynila, siyempre. Nag-bus siya. Nag-drive ako. Sa huling tatlong linggo ng sem, wala nang acrostic sa mga ipinapasa niyang critiques. Hindi na niya ako ulit nilapitan nang mag-isa at sinamahan pabalik sa faculty room pagkatapos ng klase. Biglang parang hindi nangyari ang mga nangyari. Tinitingnan ko siya nang mata sa mata kapag may sinasabi ako sa klase tungkol sa pagpatay o sa krimen sa nobelang binabasa namin at tumitingin din naman siya sa akin nang tuwid pero wala akong mabasa sa mga tingin niya maliban sa nakikinig siya nang taimtim sa mga sinasabi ko tungkol sa nobela. Natapos ang sem, naka-A siya sa klase, obviously, at nag-Christmas break. Declared as missing na noon si Paredes. Nakapagpamisa na nang ilang beses sa college chapel para rito. Tatay niya mismo, na public schools supervisor pala sa Masbate, ang lumuwas para asikasuhin ang pagkawala nito. Wala namang makapag-connect ng pagkawala ni Paredes sa pagkawala ni Marco noong isang taon, na halos nalimutan na rin naman ng buong school. Mas malala kasi ang nangyari three years ago na may tatlong estudyanteng nag-suicide nang wala pang tig-iisang buwan ang pagitan. Iyung isa, sa kampus pa mismo ginawa. Iyon ang mas naaalala pa rin sa school. Umuwi ako sa San Pablo bago mag-Pasko. Walang paramdam si Lia. Walang text, walang FB chat. Nagbagong-taon. Wala. Kunsabagay, kahit noong pinaplano namin ang kay Paredes, iniiwasan naming magkaroon ng message trail. Kadalasan, personal na usap kung saan magkikita, kung paano magkikita. Mahirap na. Masarap pumatay, pero mahirap ang mga komplikasyon kapag napagbintangan kang kriminal. Lalo pa't hindi ko naman iniisip na krimen ito. Trip lang. Ano ba ang krimen kundi isang kategoryang nilikha ng batas? Ano ba ang batas kundi arbitraryong paggigiit ng partikular na nosyon ng

kaayusan ng isang lipunan? Semantics. Matters of interpretation.

Buong bakasyon kong pinag-isipan kung anong gagawin ko kay Lia. Kapag hindi ko siya pinatay, handa ba akong habambuhay na niya akong guguluhin kung kailan niya gustuhin? Pero hindi na niya ako kinakausap. Mas okay na bang ganito? Hindi man lang nagpasalamat sa A niya sa klase. Mayabang din ang batang ito. Alam niyang magaling siya. Nang magsimula ang bagong sem pagdating ng Enero, hindi ko na inasahang sasadyain man lang ako ni Lia sa department. Last sem na niya sa college. Ang isip niya siguro e sa buhay *na* pagkatapos ng A—. Pero anong gagawin niya? May iba na ba siyang sinamahan dati sa pagpatay? Ngayon ko lang naisip na ang dami ko pa ring di alam tungkol sa kaniya. Minamataan ko siya kapag naglalakad ako sa mga hallway papunta sa mga klase ko pero hindi ko siya natitiyempuhan. Nang third week na ng klase pero di ko pa rin siya nakikita sa kampus, saka ko sinubukang tingnan ang FB niya. Hindi ko siya ma-search. Blinock ba niya ako? Napilitan akong gumawa ng dummy account para matingnan ang account niya. Wala rin. Ang daming ibang Angeli Torres pero hindi siya, wala siya. Nag-deactivate ba siya? Wala naman siyang Twitter. Ang Instagram niya, deactivated din. Anong meron? Tiningnan ko ang FB group ng klase namin na ginawa ko noon. Active pa roon ang walo niyang nakaklase pero iniwan na niya ang group. O automatic ba iyon kapag nag-deactivate ka ng account? Natutukso akong kumustahin siya sa mga kaklase niya pero hindi puwede, sobrang weird na noon. Tiningnan ko ang online student record niya na viewable dapat sa lahat ng mga naging teacher niya. Nawala ang pangalan niya sa class list ko sa Pomo Fic last sem. Nawala ang lahat ng records niya sa A—. Anong nangyari rito? Sinubukan kong tawagan ang number niya. *The telephone number you dialled is incorrect.* Nag-message na ako sa wakas sa FB group, kinukumusta si Lia. Seen ng 8. Walang nag-reply. Mga putang-inang ito, matapos makakuha ng grade, wala nang pakialam. Dapat talaga e ibinagsak ko ang mga ito. Bandang mid-March, lumabas ang bagong issue ng *H*—. Nagulat pa ako nang makita ang mga kopya ng journal sa mesa sa bukana ng building bago ako umakyat sa opisina. Dumampot ako ng isa at tiningnan kung naroon ang pinakabagong tula ni Lia, ang panlabinlima niyang tula na ipinabasa niya sa akin noong November bago niya ipinasa sa *H*— dahil sabi niya, inspired ng klase namin, at inspired din ng disertasyon ko na binasa rin daw niya sa University Archives. Naroon ang tula. “Isang Maikling Kasaysayan ng mga Pagpaslang.” Pero pangalan ko ang nasa byline. #